I. EHEKUTIBONG BUOD

Ang tauhan ng Bay Area Air Quality Management District (Air District)) ay gumagawa ng mga susog sa regulasyon nito sa pagpapahintulot (Regulasyon 2: Mga Permit) para mas makaprotekta ng kalusugan ang mga panuntunan nito, nang pinagtutuunan, sa partikular, ang pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa lokal na antas. Kasama sa Regulasyon 2 ang mga panuntunan ng Air District na sumasaklaw sa Pagsusuri ng Bagong Pinagmumulan, na isang komprehensibong programa sa pagpapahintulot na nalalapat sa mga entity sa San Francisco Bay Area kapag ang mga ito ay naglalagay ng mga bagong kagamitan o gumagawa ng mga modipikasyon sa mga kasalukuyang kagamitan na makakadagdag sa emisyon ng polusyon sa hangin. Kapag may gustong magkabit ng bagong pinagmumulan ng polusyon sa hangin o baguhin ang dati nang pinagmumulan na makakadagdag ng emisyon na lalampas sa mga kakayahang antas na limitasyon ng Air District, dapat silang humingi ng permit sa Air District. Para makakuha ng permit sa Air District, dapat kontrolin ng aplikante ng permit ang mga emisyon o pagkakalantad sa mga taong nakapaligid kung lumalampas ang mga emisyon o pagkakalantad sa mga naitakdang limitasyon. Hindi puwedeng magbigay ng permit ang Air District sa mga proyektong lalampas sa mga itinatag na limitasyon sa panganib sa kalusugan, o na hindi nakakasunod sa mga pamantayan sa regulasyon.

Batay sa pagsusuri sa proseso ng pagpapahintulot at feedback na natanggap mula sa publiko ng isinaganap ang mga workshop para sa pagkonsepto, noong Mayo 2021, inirerekomenda ng mga tauhan ang sumusunod, at hinihingi nito ang feedback ng publiko sa mga sumusunod na pagbabago sa dalawang panuntunan sa pagpapahintulot; Regulasyon 2: Mga Permit, Panuntunan 5: Pagsusuri sa Bagong Pinagmumulan ng Mga Nakakalasong Kontaminente sa Hangin (Panuntunan 2-5), at Regulasyon 2: Mga Permit, Panuntunan 1: Mga Pangkalahatang Kinakailangan (Panuntunan 2-1). Inilalarawan sa ibaba ang mga draft na pagbabago sa bawat panuntunan.

Panuntunan 2-1: Mga Pangkalahatang Kinakailangan

Ang mga iminumungkahing pagbabago sa Panuntunan 2-1 ay kabibilangan ng bagong pagpapakahulungan para tukuyin ang mga lugar na nakakaranas ng matataas na antas ng pinagsama-samang epekto (mga lugar kung saan mas mataas ang antas ng polusyon sa hangin at na mas malamang na maapektuhan ng mga stressor sa kapaligiran, lipunan at ekonomiya, at kalusugan). Ang mga lugar na nakakaranas ng matataas na antas ng pinagsama-samang epekto ay tinatawag na “Mga Pinakaapektadong Komunidad” sa Draft na Sinusugang Panuntunan 2-1. Ang Mga Pinakaapektadong Komunidad ay mga census tract na may markang nasa o mahigit sa ika-70 percentile sa California Communities Environmental Health Screening Tool, (CalEnviroScreen), Bersyon 4.0, pati sa mga lugar na pasok sa isang libong talampakan ng mga hangganan ng mga census tract na may markang nasa o mahigit sa ika-70 percentile sa CalEnviroScreen 4.0. May dalawang karagdagang mahalagang draft na pagbabago sa Panuntunan 2-1. Una, may bagong pag-aatas sa mga proyekto na abisuhan ang mga nakapaligid na address, kung kakailanganin ng proyekto ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan dahil sa mga emisyon ng nakakalasong kontaminente sa hangin (toxic air contaminant, TAC) at gagawin ang proyekto sa o malapit sa isang komunidad na nakakaranas ng matataas na antas ng pinagsama-samang epekto, na tinukoy sa pamamagitan ng CalEnviroScreen. Pangalawa, iminumungkahi ng mga tauhan na palawigin ang timeline ng Air District para sa pagsusuri ng aplikasyon sa permit magmula sa tatlumpu’t limang (35) araw ng trabaho hanggang apatnapu’t limang (45)araw ng trabaho.

Panuntunan 2-5: Pagsusuri sa Bagong Pinagmumulan ng Mga Nakakalasong Kontaminente sa Hangin

May tatlong komprehensibong draft na pagbabago sa Panuntunan ng Air District sa Pagusuri sa Bagong Pinagmumulan ng Mga Nakakalasong Bagay sa Hangin. Una, mas hihigpitan ang limitasyon sa posibilidad na magkaroon ng cancer sa Panuntunan 2-5 sa mga lugar na nakakaranas ng matataas na antas ng pinagsama-samang epekto. Para magawa ito, gagamitin ng Panuntunan 2-1 at 2-5 ang CalEnviroScreen para matukoy ang mga lugar kung saan matataas ang pinagsama-samang epekto sa Bay Area. Pangalawa, ang mga draft na rebisyon sa Mga Panuntunan sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan ng Air District ay may mga update sa mga pamamaraan sa pagtatasa ng panganib sa kalusugan para sa mga pasilidad para sa pag-dispense ng gasolina, na aayon sa iba pang pinapahintulutang pinagmumulan/pasilidad. Pangatlo, may mga na-draft ang mga tauhan na update sa Talahanayan 2-5-1, ang talahanayan ng Mga Antas ng Trigger ng Mga Nakakalasong Kontaminente sa Hangin, kasama ang mga na-update na antas ng trigger batay sa mga bago at nasusugang value ng epekto sa kalusugan na binuo at naaprubahan ng California Office of Environmental Health Hazard Assessment (OEHHA).. Bukod pa rito, ina-update ang mga draft na antas ng acute na trigger batay sa target na index ng acute na panganib na 0.20, na naaayon sa limitasyon sa kapansin-pansing pinagmumulan ng Panuntunan 11-18 ng Air District na index ng acute na panganib na 0.20. Ibinatay ang mga dating antas ng acute na panganib sa target na index ng panganib na 1.0. Bukod sa tatlong draft na pagbabago na tinalakay sa itaas, may iminumungkahi ang Air District na ilang karagdagang pagbabago sa Panuntunan 2-5 na naglalayong pigilan ang pag-iwas sa mga kinakailangan sa panganib sa kalusugan ng Panuntunan 2-5, at bigyang-daan ang Air District na mas mahusay na mapamahalaan ang mga resource ng mga tauhan.

May plano ang mga tauhan na magsagawa ng virtual na pampublikong workshop para mailahad ang mga draft na pagbabagong inilalarawan sa dokumentong ito at makuha ang feedback ng publiko sa mga ito. May itatampok ang workshop na isang presentasyon ng tauhan tungkol sa mga aspetong nauugnay sa pagtugon sa mga alalahanin ng mga miyembro ng komunidad, at maglalaan ito ng oras para sa mga pampublikong komento at session para sa mga tanong at sagot. Pagtutuunan ng workshop ang mga paksang inilalarawan sa Ulat ng Workshop na ito.